Enero 2009

PRAYMER

PAMBANSANG KALAGAYAN

Gubyernong Salot sa Mamamayan Kapit-tuko sa Kapangyarihan

Pinaghahanda ang lahat sa unos na darating ngayong taon. Ngunit matindi pa ito sa bagyo o kalamidad na pangkaraniwan nang dumadalaw sa bansa. Ito ay unos ng ibayo pang pagsahol ng kalagayang pangkabuhayan ng mamamayan. Ito ang higit pang pagbaha ng kawalang trabaho, pagkatuyo ng kita, pagguho ng pundasyon ng lokal na ekonomya na hindi pinaligtas ng pandaigdigang krisis sa ekonomya ng mga malalaking bansang tulad ng United States.

IBON
Foundation, Inc

IBON Center
114 Timog Avenue,
Quezon City,
P.O. Box 1172,
Quezon City
Central Office,
1151 Quezon City
Tels. 927 7060 to 62
Fax 929 2496
E-mail: perc@ibon.org

Marami ang nagsasabing mas masahol pa kaysa inaasahan ang magiging epekto ng pandaigdigang krisis sa lokal na ekonomya kahit na nga pilit na minimenos ng gubyernong Arroyo ang krisis at sinasabing ang Pilipinas ay may “strong economic fundamentals”. Tigas sa katatanggi ang gubyernong Arroyo sa malaganap na kahirapan sa bansa at pilit pa nga itong tinatakpan ng mga dinoktor na datos at mapanlinlang na programa. Sa nakaraang mga taon, ipinagmamalaki pa nga ng gubyerno ang paglago sa ekonomya na ang tutuo’y higit na paglaki ng pakinabang ng mga dayuhan at burgesyang kumprador-asindero sa pagsasamantala sa mamamayan at panggagahasa sa likas na yaman ng bansa.

Pero sa pagtatapos ng 2008, hindi na nga kayang pagtakpan ng gubyernong Arroyo ang patuloy na pagtindi ng kahirapan, malubhang kawalan ng hanapbuhay at miserableng pamumuhay nang mayorya sa mamamayan. Sa pagsambulat ng krisis sa mga kapitalistang bansa, kumalat ang epekto nito na mala-asidong gumunaw sa mga nalalabing pagpapanggap ng mga bansang sinusuhayan na lamang ng mga dayuhang pautang, pamumuhunan at ayuda.

Partikular sa Pilipinas, binulabog ng krisis pampinansya ng US ang ekonomyang eksport-import at maging ang sektor pampinansya ng bansa. Mga sektor na dominante at pinagmumulan ng mapanlinlang na paglago sa ekonomya. Sabihin pa, lalo pang nababansot ang lokal na ekonomya dahil sa matinding pagsandig nito sa pandaigdigang ekonomya lalo na sa US.

Subalit hindi lamang pagtindi sa krisis pang-ekonomya ang hatid ng krisis ng US at ekonomyang pandaigdig. Magbubunga din ito ng masidhing krisis pampulitika sa bansa hindi lamang dahil sa protesta ng matinding pagkasuklam ng mamamayan sa pabayang gubyernong Arroyo. Habang napapahiwalay ang gubyernong Arroyo sa mamamayan, tumitindi rin maging ang tunggalian ng iba’t ibang paksyon ng naghaharing uri na nag-uunahang maging katiwala ng imperyalismong US sa Pilipinas.

Huling taon ng legal na termino ng gubyernong Arroyo pero tila hindi na makapaghintay ang buong bansa na mapatalsik ito sa poder. Lalo pa ngang napapaypayan ang kilusang talsik ng paghihimagsik ng mamamayan dahil sa labis na kahirapang idinudulot pa ng mga patakarang “globalisasyon” ng gubyernong Arroyo. Naghahanda naman ang mga pulitikong kontra kay Arroyo para palitan ito.

Gayunma’y kapit-tuko sa kapangyarihan ang gubyernong Arroyo at katunayan ay gagawin nito ang lahat ng paraan para makapanatili sa poder. Ngayong 2009, itutulak ng peke at pasistang rehimen ang iba’t ibang obra at maniobra tulad ng pagbabago ng konstitusyon at kung kakayanin ay maglunsad ng “emergency rule” o lantarang pasistang paghahari para makapangunyapit lamang sa poder o matiyak na magiging pabor sa kanyang interes ang susunod na pampulitikang dispensasyon.

1 Bakit sinasabing mas magiging matindi ang krisis na kakaharapin ng bansa sa taong 2009?

Tuloy-tuloy na bumulusok ang pandaigdigang ekonomya lalo na sa US na sentro at pinakamalaking ekonomya sa mundo. Noong nakaraang taon, ang krisis sa langis at pagkain sa unang bahagi ng 2008 ay hindi naampat sa pagguho ng mga institusyong pampinansya at malawakang pagkalugi ng mga negosyo laluna sa kapitalistang bansa. Malawakan ang tanggalan sa trabaho, lalo pang binarat ang sahod ng manggagawa at inalisan ng mga benepisyo ang mamamayan mula sa gubyerno. Sa kabilang banda, ang sinaklolohan ng mga kapitalistang gubyerno ay ang kapakanan ng mga kapitalista. Kumbaga, tinipid ang mamamayan para isalba ang negosyo ng mga kapitalista. Ginutom ang nakararaming mamamayan para huwag mabawasan ang umaapaw na tubo ng mga kapitalistang kasosyo sa negosyo ng mga burukrata sa gubyerno. Ganito sa esensya ang programang “bail out” ng mga imperyalistang gubyerno.

Pero ang krisis sa pandaigdigang ekonomya ay higit na may mapaminsalang epekto sa bansang mahihirap lalo na ang mga bansang labis na nakasandig sa pandaigdigang ekonomya at sa mga bansang tinatamataan ngayong krisis pampinansya. Ang sitwasyong ito ang kinakaharap ngayon ng Pilipinas.

Kahit na sinasabing lumago ang ekonomya ng 7.2% noong 2007, hindi nito napagtakpan ang mga pundamental na depekto mula sa paglala ng kawalan ng hanapbuhay, pagbagsak ng kita ng mamamayan at lalong paglawak ng bilang ng mahihirap na mamamayan. Ang paglago na nagmula pangunahin sa mga sektor na nakasandig sa panlabas na salik tulad ng eksport-import, remitans ng migrante at dayuhang pamumuhunan ay nagbigay ng ilusyon ng paglago pero ang tutuo’y mas nagdudulot ng panganib at higit pang nagpapahina sa produktibong kakayahan ng lokal na ekonomya.

Gayunman, mahirap sukatin ang aktwal na saklaw ng pinsalang maaring idulot ng krisis pampinansya ng mga bansang sinasandigan ng lokal na ekonomya. Maaari lamang itong mahinuha sa naging karanasan ng bansa noong taong 2001 nang sumambulat din ang halos katulad na krisis sa ekonomya ng US at iba pang kapitalistang bansa.

Matatandaang ang global slowdown ng 2000 ay tulak ng malubhang krisis sa pinansya at pagputok ng bula ng “dot-com” o “new economy” na kung ilang taon ding nagbigay ng artipisyal na paglago sa ekonomya ng US. Tulad ng nangyari ngayon, ang pandaigdigang paglago (global growth rate) ay bumagsak din mula 4.6% noong 2000 sa 2.5% noong 2001 matapos pumutok ang bula ng “new economy”.

Kitangkita ang epekto nito sa bulnerableng ekonomya ng Pilipinas. Ang paglago ng gross domestic product (GDP) ng bansa na 6.0% noong 2000 ay bumagsak sa 1.8% noong 2001. Sa pagkabangkarote noon ng ekonomya ng US, unti-unting umimpis ang eksport ng Pilipinas mula 18.8% noong 1999, lumiit ang paglago sa 8.7% noong 2000 hanggang sa maging negatibong 15.6% noong 2001. Lumiit din ang pumasok na net foreign direct investment (FDI) ng halos 84% matapos na bumagsak ang pandaigdigang ekonomya.

Mabilis nitong pinalala ang mga pundamental na depekto ng ekonomya ng bansa. Lalo pang dumami ang bilang ng mga walang hanapbuhay. Noong 2001, umabot na sa 11.1% ang tantos sa kawalang trabaho mula sa dating single-digit unemployment rate noong sinundang taon. Bumaba din ang remitans ng migranteng manggagawa na noon pa man ay labis nang inaasahan ng ekonomya ng bansa.

Subalit ang krisis pampinansya ng US at ng buong sistemang kapitalista ay higit na malala ngayon kumpara noong 2001. Ayon sa mga ekonomistang Amerikano mismo, hindi tulad noong pagputok ng bula ng 2001, ang kasalukuyang krisisng kapitalismo ay mas malawakan ang epekto, mas malalim ang pinag-uugatan at maaring magtagal ng maraming taon. Dahil dito, higit pa sa naging epekto ng 2001, mas malaking panganib at pinsala ang maaring danasin ng ekonomya ng Pilipinas sa kasalukuyang krisis ng mga imperyalistang bansa. Pero ang masahol dito, ang unang tatamaan at maapektuhan ng husto ay ang mamamayan laluna ang mga manggagawa, magsasaka, propesyunal at maliliit na prodyuser.

2 Ano ang magiging epekto nito sa kabuhayan ng mamamayan sa pagpasok ng 2009?

Lubhang nakasandig ang ekonomya ng Pilipinas sa pandaidigang ekonomya laluna sa US at Japan. Kaya naman ang krisis na kinasasadlakan ngayon ng mga bansang ito ay magtutulak sa ekonomya ng Pilipinas sa higit na malalim na krisis at sa mamamayan sa mas matinding paghihikahos. Agad na apektado ang sektor ng pagmamanupaktura laluna na ang eksport. Apektado rin ang remitans ng migranteng manggagawa na pangunahing inaasahan ngayon para sa kinakailangang dolyar ng lokal na ekonomya. Malamang na apektado rin ang trabaho ng mga migranteng manggagawa at maging mga produktong eksport dahil sa krisis na kinasasadlakan ng mga bansang pangunahing destinasyon ng mga eksport mula sa Pilipinas.

Pero ang krisis na ito ay higit na mararamdaman ng mga pangkaraniwang mamamayan. Mangangahulugan ito ng ibayo pang paglaki ng mga manggagawang walang hanapbuhay, pagbagsak ng kita at ng kakayahan nitong makabili dahil sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin at gastusin. Magdudulot din ito pagbagal sa produksyon ng mga eksport maging sa agriklultura. Agad itong mararamdaman sa unang mga buwan ng taong ito at malamang na lalo pang titindi sa mga darating pang buwan.

Hindi pa rin nakakawala ang bansa sa napakataas na tantos ng kawalang hanapbuhay. Kahit taun-taong ipinangangako ng gubyernong Arroyo ang paglikha ng 1 milyong trabaho, hanggang sa kasalukuyan dinaranas pa rin ng bansa ang pinakamataas na bilang ng mga walang hanapbuhay sa kasaysayan ng bansa. Nitong 2008, umabot na sa 10.7 milyon ang wala at kulang sa trabaho na halos 2 milyong nadagdag sa hukbo ng mga walang trabaho mula 2001. Ngayong taong 2009, tinatayang aabot pa ito ng 11 milyon o higit pa. Ito ay dahil sa halos kalahati lamang ng 915,000 na karaniwang taunang dagdag sa lakas paggawa ang nagkakaroon ng trabaho.

Pero konserbatibong pagtataya ito dahil hindi pa kasama ang bilang ng mga manggagawang nawalan ng trabaho sa mga lokal na establisimyentong nalulugi dahil sa pagtumal ng eksport at maging ang mga migranteng manggagawa na napauwi sa bansa dahil sa pandaigdigang krisis. Partikular na maaapektuhan ng krisis pampinansya ng US ang mga empresa sa electronics (67% ng eksport noong 2007), tela at kasuutan (5%), furniture and woodcrafts (2%). Dahil sa pandaigdigang krisis, tutumal pa ang bentahan ng mga computer, camera at cellular phone na pangunahing gumagamit sa mga eksport na produktong semiconductors at microprocessor ng bansa. Itinuturing ang US na pangunahing konsyumer ng mga produktong electonics. Ito rin ang pangunahing destinasyon ng mga garment exports (80%) at furniture (60%) ng Pilipinas.

Lalo pang hindi mapagkasya ang kakarampot na kita ng karaniwang Pilipino dahil sa mataas na tantos ng implasyon na rumurok sa 12.4% noong Agosto 2008. Pinakamataas na tantos ito sa loob ng 17 taon at nangangahulugan ng mabilis na pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Bumaba man ito sa 8% noong Disyembre, ang kahulugan lamang nito ay bumagal lamang ang pagtaas ng paggalaw ng presyo ng mga bilihin pero nanatiling tumataas ang bilihin at bumabagsak ang halaga ng kita ng mamamayan.

Tumaas ng 13.6% ang presyo ng mga produktong pagkain, pangunahin dito ang 29.2% na pagtaas sa presyo ng bigas. Pangunahin itong pinapasan ng mahihirap dahil 2/3 ng budget ng mahihirap na pamilya ay napupunta sa pagkain. Dahil sa pagsirit ng presyo ng pagkain, bawas na ng todo o wala nang

pangtustos ang mga mahihirap na pamilya sa iba pa nilang batayang pangangailangan tulad ng utilities, edukasyon, kasuutan at iba pa.

Napako na ang tunay na halaga ng minimum na pasahod at lubha itong napakababa kumpara sa kinakailangang halaga para mabuhay. Halimbawa sa NCR, tumaas man ang nominal na halaga ng minimum wage mula P250 noong 2001 sa P382 nitong 2008, nawalan naman ito ng kabuluhan dahil sa implasyon o mabilis na pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Sakali mang aktwal na natatanggap ng isang manggagawa sa NCR ang minimum na sahod, wala pa ito sa kalahati ng kinakailangang halaga para mabuhay. Aabot lamang ito sa 42.3% ng itinakdang family living wage mismo ng gubyerno at kulang pa ng P522 para maitawid-buhay ang isang pamilyang may anim na miyembro sa NCR. Mas masahol ang kalagayan sa iba pang bahagi ng bansa kung saan ang minimum na pasahod ay napakababa kumpara sapangangailangan.

Ilan lamang ito sa magtutulak sa patuloy na paglobo ng bilang ng mga mahihirap sa Pilipinas. Noong 2006 pa lamang, tinatayang aabot na sa 13.9 milyong pamilya (70 milyong Pilipino) ang nagsisikap na mabuhay sa halagang P112 lamang o mas mababa pa dito sa isang araw. Pero ang nakakangitngit ay ang pagpupumilit ng gubyerno na 4.7 milyong pamilya lamang ang maituturing na mahirap dahil ito lamang ang hindi nakakaabot sa P41 kada tao-kada araw na sulatan ng kahirapan (poverty threshold). Subalit anumang kwenta ang gawin dito, hindi ito mapagkakasya lalo pa't araw-araw ay tumataas ang presyo ng mga bilihin. Kahit sa mga survey, patuloy ang paglaki ng bilang ng mamamayan na ibinibilang ang kanilang sarili bilang mahirap. Sa pinakahuling Ibon survey (Oktubre 2008), aabot na sa 78% ng mga respondents ang nagpapalagay na kabilang sila sa mga mahihirap sa bansa. Pagtaas ito mula sa mga naging survey noong Oktubre 2006 (70.6%) at noong Oktubre 2007 (74.1%).

Lahat ng ito ay nagaganap sa panahong ipinagmamalaki ng gubyerno at ng mga kadweto nitong mga ahensyang pampinansya ng imperyalismo ang dimano'y "pinakamabilis na paglago sa ekonomya" ng bansa. Patunay lamang ito na hindi mainam at makatotohanang sukatan sa pag-unlad ng ekonomya ang economic growth rate na sinusukat ng gross national product (GNP) at gross domestic product (GDP). Kung hindi kritikal na susuriin ang mga ito, naitatago sa GNP at GDP ang tunay na kalagayan ng ekonomya.

3 Bakit napakatindi ng epekto ng krisis ng US sa ekonomya ng Pilipinas?

Ayon sa mga ekonomista, nagkakaroon ng resesyon sa ekonomya kapag dalawang magkasunod na kwarto (consecutive quarter) na negatibo ang paglago ng ekonomya. Pero hindi ito aplikable sa Pilipinas dahil ang ekonomya ng bansa ay nagtatala pa nga ng paglago kahit na pa lugmok ang produktibong sektor nito at walang trabaho at bumabagsak ang kita ng produktibong pwersa. Ang natatalang paglago sa ekonomya ng bansa noong nakaraang mga taon ay walang katuturan sa buhay at kapakanan ng mayorya ng mamamayan. Katunayan, ang mga paglagong ito ay pinakikinabangan lamang pangunahin ng mga dayuhan at malalaking kumprador burgesya-asindero habang patuloy na napipiga ang kabuhayan ng nakararaming mamamayan.

Ang tutuo'y bago pa man ang pagsambulat ng krisis pampinansya sa US at malalaking bansa, matagal nang maituturing na nasa resesyon ang ekonomya ng bansa. Permanente ang krisis ng bansa dahil sa mga pundamental na depekto ng malakolonyal at malapyudal na ekonomya. Ito ay atrasado, agraryo, eksport-import, nakaasa sa dayuhang pamumuhunan at sinusuhayan ng dayuhang pautang at remitans ng migranteng manggagawa. Walang saligang industriya at nanatiling mababa ang produktibidad ng matatabang lupain pero monopolisado ng iilang panginoong maylupa. Ang mga bagong pamumuhunan ay hindi lumilikha ng trabaho at tumutungo sa mga di produktibong sektor tulad ng stock market o kaya naman ay mga extractive industries tulad ng pagmimina. Pinanatili ang imperyalistang disenyo ng ekonomya at lalo pa ngang pinalala ng mga patakarang "globalisasyon" nitong nakaraang 3 dekada.

Lalo pang tumitindi ang mga palatandaan ng permanenteng krisis ng ekonomya. Mas magiging masahol pa nga ito dahil sa krisis pampinansya na maghuhubad sa anumang pagpapanggap ng "paglago" ng ekonomyang malapyudal ng Pilipinas.

Lahat ay nagsasabing babagal ang paglago at tatamlay ang ekonomya ngayong taon. Kahit ang mapanlinlang na GDP ay tinatayang magtatala ng mabagal na paglago. Tinatayang kalahati lamang ng GDP noong 2007 o baka mababa pa dito ang inaasahang GDP growth rate ngayong taon. Ngayong taon pa lang kasi, kitangkita na ang pagbagal ng ekonomya ng bansa at ang matinding epekto ng pandaigdigang krisis sa mga sektor na dati rati ay nagtutulak ng "paglago" ng ekonomya.

Sa unang tatlong kwarto ng 2008 (Enero-Setyembre), makikita ang pagtamlay ng ekonomya sa halos lahat ng parte nito kung ikukumpara ang growth rate

noong nakaraang taon sa pareho ding panahon. Bumaba sa 3.4% ang dating 4.6% growth rate sa sektor ng agrikultura, 4.9% naman ang industrial sector mula sa 7.9% noong nakaraang taon habang ang sektor ng serbisyo na siyang pinagmumulan ng paglago ng ekonomya ay nagtala lamang 4.8% o halos kalahati ng dating 8.3% na growth rate nito noong Oktubre 2007.

Nagpatuloy noong 2008 ang pagkauk-ok ng malapyudal na ekonomya. Tuluyan nang umimpis ang pagmamanupaktura na makikita sa patuloy na pagliit ng bahagi nito sa gross national product (GNP). Noong 2007, ang sektor ng pagmamanupaktura ay may bahagi na lamang na 21.1% sa kabuuang pambansang produksyon (gross national product) na halos kapareho ng rekord noong dekada 50 matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig. Nitong 2008, lumiit pa itong lalo sa 20.7% na patunay sa tunguhing deindutriyalisasyon o tuluyang pagkalusaw sa napakakitid nang lokal na industriya.

Ganito rin ang kwento ng sektor ng agrikultura na kung saan umaasa ang mahigit 75% ng populasyon ng bansa. Para sa isang bansang agrikultural tulad ng Pilipinas, nakakabagabag na umaabot lamang sa 16.7% ang bahagi nito sa pambansang kita noong 2007. Subalit, papadausdos pa ito dahil nitong 2008, bumaba pa sa 15.7% ang bahagi ng agrikultura. Pinakamaliit na rekord ito ng sektor ng agrikultura sa kasaysayan ng bansa. Patunay ito sa ibayo pang pag-impis ng lokal na ekonomya na nagluluwal ng matinding kawalan ng trabaho at ibayong paghihikahos ng mamamayan.

Nitong nakaraang taon, mga panlabas na salik na lamang ang sumusuhay sa ekonomya at sa sisinghap-singhap nitong produksyon. Pangunahing umasa ang ekonomya sa eksport, dayuhang pamumuhunan at pinansya mula sa labas ng bansa. Pero ang pagtaas ng export at pumapasok na dayuhang kapital ay hindi nagresulta sa pag-unlad bagkus ibayo pang nagsadlak sa ekonomya sa mas malalang problema. Sa halip na mapalakas ang lokal na industriya at pagmamanupaktura, mas hinikayat at binigyan ng insentibo ng gubyerno ang pagtatayo ng dayuhan at mga lokal na malalaking kumprador ng mga negosyong nakatuon sa eksport at importasyon ng mga sangkap. Kaya naman ang sektor ng kalakalan (pinagsamang export at import) ay halos dumoble nitong nakaraang dalawang dekada at patuloy na lumalaki ang bahagi sa gross domestic product. Sabihin pa, ipinapakita din nito na sa export-import na nakatali ang malaking bahagi ng lokal na produksyon at maging ng empleyo ay nakaugnay sa negosyong ito.

Binansot ng oryentasyong eksport-import ang lokal na ekonomya at pumigil sa anumang potensyal nito para sa industriyalisasyon. Masahol pa, isinandig ang lokal na ekonomya sa dayuhang merkado at pamumuhunan. Kaya naman naging

bulnerable at umaasa ang lokal na ekonomya sa kaganapan at pangangailangan ng pandaigdigang pamilihan.

Pilit na itinatanggi ng gubyernong Arroyo ang matinding epekto ng krisis pampinansya ng US sa Pilipinas. Ayon sa mga tagapagsalita ng gubyerno, kalat naman daw sa buong mundo ang merkado ng eksport ng Pilipinas at sa katunaya'y malaking bahagi ay napupunta sa Hongkong at China. Pero ang tutuo'y konsentrado lamang sa 10 bansa ang 84% ng eksport ng Pilipinas. Ang US ang pinakamalaking merkado ng eksport (17%) at 40% naman ng mga services exports. Bukod dito, ang eksport sa China, Hongkong at iba pang bansa ay posibleng sa US din ang pinal na hantungan. Sa kabuuan, tinatayang 38% ng eksport ng bansa ang napupunta sa merkado ng US.

Inaargumento rin ng gubyernong Arroyo na hindi gaanong maaapektuhan ang migranteng manggagawa dahil nakakalat naman daw ang mga ito sa mahigit 190 bansa sa iba't ibang panig ng mundo. Subalit ang tutuo, 87.9% ng remitans ng mga migrante ay nagmumula lamang sa 10 bansa.

Halos kalahati ng katas na dolyar ng migrante ay mula sa United States (US). Noong 2007 halimbawa, 52% ng kabuuang remitans ng migranteng Pilipino ay mula o dumaan sa ekonomya ng US. Subalit dahil sa krisis pampinansya, bumagal at lumiit ang remitans ng migrante. Lalo pa na karamihan sa migrante dito ay nakakonsentra sa pagmamanupaktura, retail trade, hotel and food service, pinansya at insurance na pawang kabilang sa mga naliligalig na sektor ng ekonomya ng US. Sabihin pa, ang malawakang tanggalan sa trabaho sa US noong nakaraang taon ay nagtulak para danasin ng higanteng ekonomya ang 7.2% unemployment rate na pinakamataas sa nakaraang 16 na taon.

Hindi na rin maasahang tumaas ang dayuhang pamumuhunan at ayuda na mga pangunahig inaasahan sa external financing strategy ng gubyernong Arroyo. Sa pagkalugi ng mga oligarkiya ng pinansya na abala sa pagliligtas (bail out) ng kanilang mga institusyong pampinansya, magiging maganit ang pagpasok ng dayuhang puhunan sa bansa. Ang netong foreign direct investment (FDI) na naitala mula Enero-Setyembre 2008 ay bumaba ng 45% kumpara sa pumasok na FDI sa kaparehong panahon noong 2007. Malaki din ang posibilidad na maging ang official development aid (ODA) ay mababawasan pa sa mga susunod na panahon dahil malamang na mas paglalaanan ng pondo ng mga mayayamang bansa ang pagkukumpuni sa kanilang sariling ekonomya.

Bulnerable at mas matindi ang epekto ng pandaigdigang krisis sa ekonomya ng Pilipinas dahil wala itong saligang pundasyon ng ekonomya. Wala itong sariling industriya. Atrasado ang agrikultura dahil sa pyudal na monopolyo ng asindero at korporasyong transnasyunal. Nakatuon ang buong produksyon sa pandaigdigang pamilihan habang iniaasa sa labas ng bansa ang

pangangailangan ng lokal na produksyon kahit na pa mga produktong konsyumer. Ang Pilipinas ay bukal ng murang hilaw na materyales at siil na paggawa, bagsakan ng sobrang produkto at kapital. Ito ang historikal na imperyalistang disenyo ng ekonomya ng bansa mula noong tuwirang kolonyal na paghahari ng imperyalismong US hanggang sa panahon ng "globalisasyon" at papet na gubyernong Arroyo.

4 May ginagawa ba ang gubyerno para masalag ang epekto ng pandaigdigang krisis sa bansa?

Kapag napipilitang umamin sa magiging epekto ng krisis, sinasangkalan naman ng gubyernong Arroyo ang mga diumano'y pump-priming program bilang pangontra sa mapaminsalang epekto ng pandaigdigang krisis sa ekonomya. Magbubuhos daw ng pondo ang gubyerno mula sa pambansang budget para tustusan ang batayang pangangailangan ng mahihirap na mamamayan at magtulak ng mga proyektong magpapasigla sa ekonomya.

Hindi naman daw kailangan ng contingency o recovery plan dahil wala namang seryosong problema ang lokal na ekonomya. Sa halip ang inilalako ng gubyerno ay isang "resiliency package" o "sustainability plan" para malagpasan ang kasalukuyang krisis. Ayon sa gubyerno, malaking bahagi ng budget nito ay ilalaan sa mga proyektong imprastraktura na magluluwal ng mga bagong trabaho at pantustos sa mga proyekto ng kagalingang panlipunan (social welfare). Ipinagyayabang ng ekonomistang pangulo na ito ang dahilan bakit ang pambansang budget ng gubyerno sa 2009 na P1.41 trilyon ay 14% na mas mataas sa budget ng 2009. Ang P160 bilyong itinaas sa budget ay magiging bahagi daw ng P300 bilyong stimulus package na para sa pagpapasigla ng ekonomya.

Subalit hindi pa man nagsisimula ang taon, agad nang makikita na ang mga planong ito ay boladas lamang at pampulitikang gimik na patunay sa kawalang programa ng gubyerno para iahon ang kalagayan ng mamamayan sa kumunoy ng kahirapan. Ang tutuo'y papaliit ang ginagawang paggastos ng gubyerno at di masasabing pump-priming budget. Ang kabuuang budget ng gubyerno para sa 2009 ay katumbas lamang ng 16.1% ng GDP na maituturing na lumaki ng kaunti sa badyet ng 2008 pero pangalawang pinakamaliit na bahagi ng paggastos ng gubyerno sa nakaraang dalawa't kalahating dekada. Ibig sabihin, ang sinasabing pump-priming na layunin ng budget ng gubyerno ay lantarang pambobola sa mamamayan. Mas malaki pa nga ang ginastos ng gubyerno sa mga nakaraang taon kaysa ngayong ibinabando nito ang pump-priming strategy bilang sagot sa kasalukuyang krisis.

Matatandaang binatikos ng mga progresibong partylist (Anakpawis, Bayan Muna at Gabriela Women's Party) ang badyet na ito sa nakaraang mga hearing sa kongreso. May batayan ngang sabihin ng mga progresibong kinatawan sa kongreso na walang malinaw na programa ang gubyernong Arroyo para harapin ang krisis pang-ekonomya ng bansa.

Sa halip, nagkakasya ang gubyerno sa mga high profile projects na pang-media lamang at limitado naman ang naabot. Isang halimbawa ay ang mga proyekto ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) tulad ng cash transfer program na tinawag nilang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (PPPP) na dinoble pa ng guyerno ang alokasyon na P10 bilyon at ang benepisyaryo na ginawang 640,000 pamilya. Ipagpalagay mang hindi ito makurakot at makarating sa aktwal na benepisyaryo, wala pa itong 5% ng tinatayang 14 milyong mahihirap na pamilya.

Maling pananaw din ang itinuturo ng gubyerno sa mamamayan sa mga programang tulad nito. Ayon sa mga kritiko nito gaya ng mga obispo ng Simbahang Katoliko, ang mga programa ng gubyerno para sa mahihirap tulad ng mga food subsidy at iba pang katulad ng PPPP ay nagtuturo sa mamamayan na umasa sa "limos" ng gubyerno. Para mas maging makabuluhan, ang mas pinagtutuunan sana ng pansin ng gubyerno ay ang paglikha ng mga trabaho, pagbibigay ng dagdag na kita sa mamamayan at mga serbisyong panlipunan na matagal nang ipinagkakait sa kanila. Ang programa ng gubyerno para sa mga napauwing OFW ay lalo pang nagtutulak sa migrante na mangibang bansa kahit na mababa ang sahod at di makatao ang kalagayan sa paggawa. Ang mga programang tulad ng mga ito sa pangkalahatan ay naglalayon lamang na magbigay ng impresyon na may ginagawa ang gubyerno gayong wala naman itong kabuluhan sa buhay ng mamamayan.

Dapat sana ay tungkulin ng gubyerno na proteksyonan, ipalaganap at ipatupad ang pang-ekonomya at panlipunang karapatan ng mamamayan. Pero wala na ngang malinaw na programa para sa kapakanan ng mamamayan, mas pinapaboran pa at binibigyan ng proteksyon ang mga dayuhan at malalaking negosyante.

Sa halip na pakinggan ang matagal nang hinaing ng manggagawa para sa P125 na dagdag sa minimum na pasahod, agad na idineklara ng gubyerno na walang magaganap na pagtaas sa sahod sa 2009 para maproteksyonan daw ang mga negosyante sa epekto ng krisis. Kaya naman ang mga samahan ng mga kapitalista tulad ng Joint Foreign Chambers (JFC) at European Chamber of Commerce ay humihiling sa gubyernong Arroyo ng mas pleksibleng paggawa tulad ng job rotation para makaangkop daw sa krisis ngayon. Ganito rin ang

gustong mangyari ng Employers Confederation of the Philippines (ECOP) na nanawagang suspendihin na muna ang bisa ng labor code laluna ang mga probisyon sa karapatan at kagalingan ng mga manggagawa.

Itinutulak ng krisis na dinaranas ng kapitalistang sistema ang mas agresibong pamamaraan para makaalpas ang imperyalismo sa krisis. Sa pagsambulat ng krisis pampinansya, nag-uumulol pang lalo ang pagnanais ng mga imperyalistang bansa na buksan at wasakin ang nalalabing proteksyon ng mga mahihirap na bansa para dito ipasa ang krisis. Gagamitin nito ang mga ahensyang pampinansya tulad ng IMF, World Bank at iba pang creditor para magtakda ng mga kondisyon sa mga pautang nito. Muling bubuhayin ang mga nabinbin na usapan sa paglulubos ng liberalisasyon sa ilalim ng World Trade Organization (WTO). Ipapakete ang mga free trade agreements (FTA) bilang solusyon sa mabagal na paglago ng ekonomya.

Pero tiyak na gagamitin ng gubyernong Arroyo ang krisis pang-ekonomya para ilusot ang nais ng imperyalismong US na pagbabago sa konstitusyon ng bansa. Ikakampanya nito ang pag-aalis sa mga makabayan at proteksyonistang probisyon ng konstitusyon para diumano ay mas makakapang-akit ng dayuhang pamumuhunan. Hindi nito alintanang sa matagal na panahon ay malayang nakakapasok ang mga dayuhang pamumuhunan sa bansa subalit wala itong naidulot na malaking kontribusyon sa ekonomya — walang signipikanteng nalikhang trabaho, walang technology transfer at nagbigay pa ng di pantay na kumpetisyon sa mga lokal na negosyo at industriya. Pero tulad ng pinatunayan na sa nakaraan, ang gubyernong Arroyo ay isang matapat na tuta ng imperyalsimong US na magtutulak sa agenda ng US kapalit ng patuloy na suporta nito sa pananatili sa poder.

5 Sino ang pangunahing tatamaan at maaapektuhan ng krisis?

Bukod sa ekonomya, muling nagbabadya ang krisis piskal ng gubyernong Arroyo sa taong ito. Hindi naman talaga ito naresolba at napagtakpan lamang ng maramihang pagbibenta ng mga ariarian ng gubyerno sa nakaraang mga taon. Mamamayan ang nagpasan ng krisis piskal ng gubyernong Arroyo.

Hindi pa rin naampat ang patuloy na pagliit ng kita ng gubyerno dahil hindi naman talaga nito nauugat ang mga dahilan. Paano naman kasi, ang mismong mga patakaran ng gubyerno ang dahilan kung bakit wala itong kita. Halimbawa, mga buwis at taripang nawala sa mga imported na produkto dahil sa programang

liberalisasyon, tax holiday at iba pang insentibong ibinibigay sa mga dayuhang mamumuhunan, patuloy na paglaki at walang limitasyong pagbabayad sa di-produktibong utang panlabas, paglaki ng gastos sa gera at militarisasyon at ang milyong pisong nawawala dahil sa korupsyon. Lahat ng ito ay mapagkukunan ng malaking halaga para punuan ang budget deficit ng gubyerno pero hindi nagagawa dahil sa maling prayoridad at makadayuhang kiling ng gubyernong Arroyo.

Sa halip, para may magamit na badyet, ang mas kinakatas ng gubyerno ay ang pagbibenta ng mga pampublikong pag-aari at ang pagpiga pa sa mamamayan sa anyo ng mga bago at regresibong mga buwis na ang pangunahing tinatamaan ay ang mahihirap na seksyon ng mamamayan.

Kahit na binabargain na ang ilang ari-arian ng bayan, hindi pa rin makamit ng gubyerno ang target nitong kita mula sa napagbentahan ng mga ariarian. Paano naman kasi, marami na ang naibenta at hindi madaling mabenta ang mga nalalabing pag-aari ng bayan na nakasalya. Maliit lamang ang kita nito sa benta at noong 2008, pinakamaliit na kita ang natamo ng gubyernong Arroyo mula 2002. Kaya tulad ng sinundang taon, napakalaki pa rin ng depisito ng gubyerno sa badyet nito.

Pero desperadong kumita ang gubyerno para sa mga pangangailangan nito kaya patuloy itong nagbibenta ng mga pampublikong ariarian at korporasyon kahit na may importanteng papel ang mga ito sa ekonomya ng bansa. Halimbawa, ibinenta ng gubyernong Arroyo sa halagang P25.7 bilyon ang 40% pag-aari ng bayan sa Petron Corporation noong Disyembre. Dahil dito, tuluyang nawalan ng kakayahan ang gubyerno na magkaroon ng magagamit na instrumento para impluwensyahan ang lokal na bentahan ng langis. Balak din ng gubyernong Arroyo na ibenta pa ang pag-aari ng bayan sa PNOC-Exploration Corporation na mag-aalis ng kakayahan sa gubyerno na magkaroon ng pakialam sa mga namiminang mineral at langis ng PNOC.

Sa mga buwis ng mamamayan pangunahing nagmumula ang kita ng gubyerno. Sa pagliit ng kita mula sa pagbibenta ng ariarian at pagkawala ng mga taripa at import duties dahil sa liberalisasyon at pagbibigay ng insentibo sa dayuhan, ang samutsaring buwis na ipinapataw sa mamamayan ang laging nakikitang paraan ng gubyerno para kumita.

Noong nakaraang taon, ang balak ng gubyernong Arroyo na magpataw ng mga bagong buwis ay naipagpaliban dahil sa windfall tax revenues o malaking halagang nakuha sa napakataas na presyo ng produktong petrolyo. Matatandaang kasama ang produktong petrolyo sa mga produkto at serbisyong pinapatawan ng 12% value added tax (VAT). Sa unang 8 buwan lamang ng 2008,

mahigit P83.5 bilyon ang napigang value added tax (VAT) sa mamamayan –- P38.4 bilyon dito ay mula sa vat ng mga produktong petrolyo lamang. Ito ang dahilan kung bakit sa kabila ng hinaing ng taumbayan na ibaba ang presyo ng produktong petrolyo, walang ginawa ang gubyernong Arroyo. Kaparte kasi ang gubyerno sa bawat pisong itinataas ng presyo ng petrolyo.

Pero habang bingi ang gubyernong Arroyo sa hinaing ng mamamayan, mabilis naman itong magpatupad ng mga bagong buwis lalo na kapag kailanggan ng pambayad sa utang panlabas at mga pinagkakagastusan nito. Ngayong taon, malamang na lalo pang liliit ang makokolektang kita ng mga ahensya ng gubyerno dahil sa krisis pang-ekonomya. Pero dahil hindi makapagbenta ng ariarian, hindi na kasintaas ng nakaraang taon ang presyo ng petrolyo at patuloy na lumalaki ang gastusin ng gubyerno gaya ng tumataas na bayarin sa utang panlabas, tiyak na ang pagbabalingan ay ang mga panibagong buwis. Malamang na bubuhayin ang panukala para sa "sin taxes" o mga dagdag na buwis sa sigarilyo at mga produktong alak na ginagamit ng lahat laluna ang nakararaming mamamayan. Samantala, pababababain naman ang buwis na ipinapataw sa mga korporasyon (corporate income tax) mula 35% patungong 30%.

6 Ano ang magiging epekto ng krisis pang-ekonomya sa kalagayang pampulitika ng bansa?

Hindi na mapapasubalian ang higit pang pag-igting ng krisis pang-ekonomya at ang matinding epekto nito sa mas magiging miserableng pamumuhay ng mamamayang Pilipino. Sa mga darating na buwan, ang patuloy na paglala sa kabuhayan ay hindi lamang magluluwal ng panlipunang ligalig kundi magpapaypay din sa galit ng mamamayan upang tuluyang itakwil ang gubyernong Arroyo. Subalit ngayong taon din ang huling taon upang makapagmaniobra ang gubyernong Arroyo sa makitid nitong interes na makapanatili sa poder, mapahinto ang oposisyon laban sa kanya at makaiwas sa pag-uusig ng taumbayan.

Sa pagsambulat ng pandaigdigang krisis pang-ekonomya laluna sa ekonomya ng mga imperyalistang bansa, tuluyan nang nahubad ang pagpapanggap ng "paglago ng ekonomya" ng bansa sa mga nakaraang taon. Parang dagang nasukol at wala nang matakbuhan ang gubyernong Arroyo matapos na mawalan ng mga panakip-butas sa lubog na ekonomya ng bansa.

Sa pagkakalantad ng patuloy na paglalim ng krisis ng ekonomya ng bansa, nalalantad din ang reaksyonaryong katangian ng gubyernong Arroyo na mas

nagiging mabangis habang tumitindi ang krisis pampulitikang iniluluwal ng krisis sa ekonomya. Mabilis ang patuloy nitong pagkakahiwalay sa mamamayan na ngayon ay higit pang namumulat dahil sa epekto ng mga maling patakarang ipinatupad ng gubyernong Arroyo.

Lalong nalalantad ang sagad-sa-butong pagkatuta ng gubyernong Arroyo sa imperyalismong US sa pagpapatupad ng mga idinidiktang mga patakaran at buksan ang ekonomya sa pandarambong ng mga korporasyong transnasyonal. Binabatikos ng mamamayan, ng simbahan at maging ng mga karibal na pulitiko ang walang kahihiyang mga kaso ng pangungurakot na kinasasangkutan ng kanyang pamiliya at mga kasosyo sa negosyo.

Hindi nawawala bagkus lalo pang lumalakas at lumalawak ang panawagan ng iba't ibang sektor para patalsikin ang gubyernong Arroyo. Mula sa mga anakpawis na hinagupit nang husto ang kabuhayan dulot ng paglala ng kawalang hanapbuhay, konsentrasyon ng lupa sa iilan, pagbagsak ng kita at paglaganap ng gutom. Mula sa mga propesyunal at maging maliliit at katamtamang negosyante na lalo pang nalulugi at dumadausdos ang kabuhayan bunga ng liberalisasyon at mga patakarang pang-ekonomyang pabor sa mga dayuhang habang nawawasak ang lokal na ekonomya. Kahit ang simbahan ay nananawagan na ng pagpapatalsik at radikal na mga solusyon para labanan ang malawakang korupsyon at lansakang paglabag ng gubyernong Arroyo sa mga batayang karapatan ng mamamayan.

Pero pursigido ang gubyernong Arroyo na isulong pa ang imperyalistang globalisasyon kahit na pa baguhin nito ang saligang batas at ihain sa pandarambong ng mga dayuhan ang kalupaan at likas na yaman ng bansa. Ito ay hindi lamang para makuha ang patuloy na suporta ng imperyalismo kundi maisakay din ang makitid na interes nitong makapanatili sa poder at matiyak ang tuloy-tuloy na pagpapasasa sa kapangyarihan at pangungulimbat sa kabangyaman ng bansa.

Itutulak ng pandaigdigang krisis pampinansya at sobrang produksyon ang higit na agresibong pamamaraan ng mga imperyalistang bansa upang makaalpas sa kasalukuyang krisis at maipasa ito sa mga mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas. Patuloy na nasa agenda ng imperyalismo ang pwersahang pagbubukas sa mga ekonomya para itapon dito ang sobrang produkto at kapital. Gagamitin ng imperyalismo ang mga ahensya nito tulad ng International Monetary Fund (IMF), World Bank at maging ang World Trade Organization (WTO) upang maalis ang mga restriksyon sa pagpasok ng mga sobrang produkto at kapital ng imperyalismo. Ilalako ng imperyalismo ang ideya ng malayang kalakalan at ang pagbubuo ng mga "free trade agreements" na sa esensya ay pagtitiyak sa

malayang pasok-at-labas ng mga produkto at kapital ng imperyalismo. Ito ang "globalisasyon" na walang iba kundi pagsisikap lamang na makaalpas sa likha na krisis ng imperyalistang sistema.

Hindi man lang nagpapakipot ang gubyernong Arroyo para ipatupad ang mga kapritso ng imperyalismo. Nagsisilbi pa nga itong tagapagsalita ng imperyalismo para konsolidahin ang rehiyon ng Asya-Pasipiko sa orbit ng impluwensya ng imperyalismong US. Pinapayagan din nitong makinabang ang mga kaalyadong kumprador-burges at panginoong maylupa na tulad nito ay matapat ding kasosyo sa negosyo ng imperyalismong US. Ang pinakahuling mga patakaran ng gubyernong Arroyo ay naglalayon hindi lamang para magsilbi sa imperyalismo kundi kabigin din ang suporta ng lokal na naghaharing uring kumprador at panginoong maylupa.

Pinahaba ang buhay diumano ng anti-magsasakang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) pero lalo pa itong ginawang huwad at sa tutuo'y inayos lamang para mas madulas na maipatupad ang market-oriented land reform ayon sa preskripsyon ng World Bank. Mabilis ding inayunan ng gubyernong Arroyo ang kahilingan ng mga kapitalista para suspindihin ang labor code at pigilan ang anumang pagtataas ng sahod. Malamang na krisis pandaigdig din ang gagamitin nitong sangkalan para baguhin ang mga pang-ekonomyang probisyon sa konstitusyon habang pailalim na ipupuslit ang ekstensyon ng panunungkulan.

Parang asong ulol na lalo pang nagiging matakaw at marahas ang gubyernong Arroyo sa kapangyarihan kasabay ng pagsusulong sa agresibong pandarambong ng imperyalismo bilang pag-alpas sa krisis nito. Lalong tumatampok ang anti-anakpawis, makadayuhan at pasistang katangian ng rehimeng Arroyo.

7 Ano ang mga posibleng gawin ng gubyernong Arroyo para makapanatili sa poder at paano nito haharapin ang lumalakas na pagkilos ng mamamayan para ito mapatalsik?

Batid ng gubyernong Arroyo ang matinding pagnanais ng mamamayan na ito'y mapatalsik sa poder at papanagutin sa marami nitong krimen sa bayan. Sa kasalukuyang konstitusyon, ang pekeng mandato ni Pangulong Arrroyo ay magtatapos sa Hunyo 30, 2010. Pero alam nitong hindi ito patatahimikin ng paniningil ng taumbayan sa mga kaso ng korupsyon, paglabag sa karapatang pantao, pandaraya sa eleksyon at pagdudulot ng miserableng kabuhayan sa mamayan dahil sa mga makadayuhan at maka-imperyalistang patakarang pang-ekonomya nito.

Tatampok sa pampulitikang senaryo sa taong ito ang hakbangin ng gubyernong Arroyo para makapanatili sa poder hindi lamang ngayong taon kundi lagpas pa sa legal na termino nito hanggang 2010. Sa pagtatapos ng 2008, nakaumang na ang binuhay na panukalang charter change (cha-cha) at malamang na maging pangunahing estratehiya ng gubyernong Arroyo sa unang hati ng taong 2009.

Iba-iba ang ruta para sa charter change – people's initiative, constituent assembly (con-ass), constitutional convention (concon) at legislative action (o direktang pagpapasa ng batas sa kongreso na nag-aamyenda sa ilang seksyon ng konstitusyon). Pero bawat moda ng pag-aamyenda ng konstitusyon ay pinagtatalunan ang legalidad na nakabatay sa pagkakaiba-iba ng interprestasyon sa batas. Malamang na humantong ang usapin sa Korte Suprema na magpapasya sa usapin at inaasahan ng pangkating Arroyo na maging paborable. Kaya malamang na maka-Arroyo ang hihirangin nitong ipalit sa mga nagreretirong miyembro ng Korte Suprema ngayong taon.

Pero hindi pa man, marami nang tinik sa lalamunan ang gubyernong Arroyo. Mabilis na nabuo ang opinyong kontra-chacha kahit na iba-iba ang dahilan — kontra sa pagbibenta sa patrimonya ng bansa at pag-alis sa mga makabayang probisyon ng saligang batas, kontra sa pagpapairal ng monopolyo sa pampulitikang kapangyarihan, kontra sa ekstensyon ng termino ng mga kasalukuyang upisyales, o kontra sa pagpapatuloy ni Arroyo sa poder para sila naman ang makapwesto. Kaya naman, nagtagpo sa usapin ng cha-cha ang iba't ibang sektor, interes at pampuliltikang tunguhin at nabubuo ang malawak na kilusang anti-chacha na natatranspormang anti-Arroyo.

Sa kabilang banda, hindi palaging solido ang suportang base ng gubyernong Arroyo sa kongreso, sa senado at maging sa mga local government units. Kahit na pa madalas ang patawag ng pulong sa Malacanang at may mga bulungbulungan ng mga sobre ng salapi at pangakong pondo. Hindi matitiyak ng pekeng pangulo ang katapatan ng mga pulitiko na karamihan ay mga oportunista na maaring tumalon sa ibang bakod kapag malapit na ang eleksyon at ayaw madamay sa malawakang pagtatakwil ng mamamayan. Lalo pa kung magbago din ng kabayong susuportahan ang US na kilalang bumibitaw kapag nagiging sagabal na sa interes ng imperyalismo gaano man ito kasugid na papet tulad ng diktador na si Marcos.

Sasalubungin ng matinding protesta ng mamamayan ang pakanang chacha ni Arroyo hindi lamang dahil sa walang kahihiyan nitong pagtatangka na ipuslit ang ekstensyon ng pampulitikang kapangyarihan kundi lalo na dahil agad na makikita ng mamamayan ang mas masahol na kahirapang iluluwal ng pag-

aamyenda ng konstitusyon para mas makapandambong ang dayuhan sa bansa. Ang kilusan ng mamamayan para biguin ang chacha ay tutuntong sa inaasahang pagdagundong ng mga protesta laban sa mga imperyalistang patakarang pang-ekonomya ng gubyerno na nagreresulta ngayon sa matinding paghihikahos ng mamamayan.

Gagawin ng gubyernong Arroyo ang lahat para maisagawa ang chacha sa unang hati ng taon. May mga nagsasabing sa pinakasukol na sitwasyon, maaring magmaniobra ang US at kumbinsihin nito si Arroyo na bitawan na ang agenda para sa term extension para maamyendahan ang mga makabayang probisyon sa ekonomya at pagbabawal sa dayuhang baseng militar na pinag-iinitan ng imperyalismong US na mawala sa konstitusyon. Kapalit ng pagpayag ni Arroyo na bitiwan ang term extension ay mga pampulitikang konsesyon tulad ng kalayaan sa pananagutan at kaso matapos ang termino.

Pero malamang na hindi isuko ng gubyernong Arroyo ang pampulitikang interes nito. Kung hindi man umubra ang mga legalistang pamamaraan tulad ng chacha para makapanatili sa poder, maaaring bumaling ang gubyernong Arroyo sa kabilang mukha ng pasismo — lantarang paggamit ng pwersa para makapamuno. Hindi ito bago at kumbaga, nagkaroon na ng dry run ang gubyernong Arroyo nang ipatupad nito ang “emergency rule”. Maari pa ngang sabay nitong gamitin ang taktika ng chacha at “emergency rule” at gagamiting dahilan ang krisis sa ekonomya at mga palatandaan ng krisis sa pulitika tulad ng gera sa kanayunan, o mga pambobomba ng mga terorista. Maari pa ngang idahilan nito ang mga gawagawang senaryo para mabigyang-katwiran ang chacha at emergency rule na ang tanging kahulugan ay pananatili sa poder ng gubyernong Arroyo.

Ang tutuo’y hindi naman binibitawan ng gubyernong Arroyo ang militarista at pasistang katangian nito. Pinapatunayan ito ng malawakang paglabag sa karapatang pantao na kinokondena sa buong daigdig. Pinapatay, dinudukot at tinatakot ng mga galamay ng gubyernong Arroyo ang mga miyembro at lider ng mga progresibong partylist at organisasyong masa, taong simbahan, tauhan ng media at sinumang nangahas na magtanong at lumaban sa mga patakaran ng gubyernong Arroyo. Dahil bigong malansag ng Oplan Bantay Laya (OBL) na kontra-insureksyong programa ng gubyerno ang mga rebolusyonaryong grupo ng MILF at NPA, ang napagbabalingan at mas nabibiktima nito ay ang mga miyembro ng legal na organisasyon na kritikal sa gubyerno.

Magpapatuloy pa ang ganitong pasistang panunupil ng gubyernong Arroyo sa mga organisasyong kritikal sa mga patakaran nito. Sa pagkabigo nitong takutin ang mamamayan, hindi na lamang dinudukot, kinukulong at pinapatay ng paisa-

isa ang mga lider at aktibista. Ayon sa mga human rights advocates, pinakahuli sa mga taktika ng gubyerno ang maramihang panghuhuli at paghahabla ng mga gawagawang kaso sa mga lider at aktibong miyembro ng mga organisasyon. Layunin nito na agad na maparalisa ang mga militanteng organisasyon ng mamamayan at mapigilan ang kanilang pag-oorganisa, pag-eedukasyon at pagpapakilos sa mamamayan. Kabilang ito sa nilalaman ng Oplan Bantay Laya 2 na bagong counter-insurgency program ng gubyerno, matapos na mabigo ang OBL1.

8 Paano kikilos ang imperyalismong US at ano ang magiging epekto ng pagpapalit ng administrasyon ng gubyernong US?

Sigurista ang US pagdating sa pulitika. Kumbaga sa karera, tatayaan nito ang lahat ng kabayo para sino man ang makauna sa karera, panalo pa rin ang US sa pusta. Sa malakolonyal na lipunang Pilipino, hindi alintana ng imperyalismong US kung aling paksyon ng naghaharing uri ang may tangan sa poder. Mahalaga para sa among imperyalista na ang kanilang katiwala ay matapat na nagtatanggol sa interes ng US at epektibong makakapanlinlang sa mamamayan.

Dahil parehong kasosyo sa negosyo, sinuman sa paksyon ng naghaharing uri ang malagay sa poder, hindi manganganib ang interes ng US. Pabor ang US sa demokrasya ng mga naghaharing uri (elite democracy) o ang paghahalinhinan sa poder ng magkakalabang paksyon ng naghaharing uri. Ang inilalakong demokrasya ng imperyalismong US ay ang demokrasya ng mga naghaharing uri na nagpapalitan lamang sa poder at ang proseso ng paglutas sa mga pampulitikang tunggalian ay laging nasa balangkas ng pagpapalit ng mga tao at hindi ng sistema.

Hangga't maari, iiwasan ng imperyalismong US ang mga people power na demokratikong magpapalahok sa malaking bilang ng mamamayan at maaring tumungo sa mas radikal na pagbabago sa sistemang panlipunan. Mas susuportahan pa nga ng US ang mga kudeta laluna kung ito ay nakatarget din laban sa demokratikong pwersa at mga rebolusyonaryong grupo.

Ganito tinitimbang ng US ang pampulitikang suporta nito sa gubyernong Arroyo. Hindi man nito hayagang tinutuligsa ang posibleng pagpapatuloy ni Arroyo sa poder, hinihikayat ng US sa pamamagitan ng mga ahensya nito ang mas mapagkasundong pamamaraan nang hindi nagagatungan ang pampulitikang krisis.

Kumakailan, nagpahayag ng opinyon ang chamber of commerce at maging

ang embahada ng US na hindi napapanahon ang pagbabago sa konstitusyon at panukalang ipagpaliban ang 2010 elections dahil maari itong makapagpasiklab ng pampulitikang tunggalian. Pero sa kabilang banda, maari ding suportahan ng US ang "emergency rule" ng gubyernong Arroyo lalo pa kung itutulak nito ang mga pagbabago sa konstitusyon ayon sa dikta ng imperyalismong US.

Patuloy na isinusulong ng US ang pang-ekonomya at pangmilitar nitong agenda sa Pilipinas. Kumakailan lang ay naiulat ang mga mga panibagong pamumuhunan ng mga korporasyong transnasyunal tulad ng Exxon-Mobil na $100 milyon sa pagmimina ng langis sa Mindanao. Dinadagsa din ng dayuhang pamumuhunan ang industriya ng pagmimina ng mineral sa kabundukan at karagatan ng Pilipinas.

Sa gitna ng krisis pampinansya ng US, lalo pa itong agresibong pasukin at kontrolin ang pinakamahahalagang merkado sa Asya-Pasipiko. Mas nagiging importante para sa US na makapagmentina ng presensyang militar sa Pilipinas laluna sa Mindanao. Sa pamamagitan ng visiting forces agreement (VFA), joint military exercises, civic actions at mercy missions sa iba't ibang panig ng bansa, mistula na ring may malaking base militar ang tropang militar ng US. Lumalaki na rin at nagiging lantaran ang partisipasyon ng mga tropang Amerikano sa counter-insurgency program ng gubyerno laban sa mga rebolusyonaryong grupo. Kapansin-pansin na naglulunsad ito ng mga military exercises sa mga lugar na may malakas na presensya ng mga yunit ng New People's Army (NPA) at MILF. Ngayong taon, ang joint US-RP military exercise ay isasagawa sa Bicol na itinuturing na balwarte ng mga NPA. Muli na namang bumabalik ang mga kaso ng prostitusyon, paglaganap ng droga, malawakang paglabag sa karapatan tao, pang-aabuso at iba pang krimeng kaakibat ng pagkakaroon ng mga dayuhang base militar.

Para sa US, ang Timog Silangang Asya pa rin ang pangunahing larangan sa kanilang gera laban sa "terorismo". Ang Pilipinas ang itinuturing nilang baseng lunsaran ng gerang ito. Kaya naman todo buhos pa rin ang ayudang militar at pang-ekonomya mula sa US. Lumiit man ng bahagya ang military and economic aid, nanatiling nangunguna ang Pilipinas sa mga may pinakalamaking natanggap na ayuda mula sa gubyernong US.

Marami ang nag-aabang sa mga posibleng pagbabago sa patakaran ng US sa Pilipinas sa pagkaluklok sa unang African-American na presidente ng Amerika. Pero hindi pa man, padwetong sinasabi ng gubyernong Arroyo at embahada ng US na mananatili ang kanilang "ispesyal na relasyon". Ibig sabihin, patuloy na malakolonyang relasyong pang-ekonomya, pampulitika-militar sa pagitan ng US at Pilipinas. Malamang pa nga na higit na itulak ng gubyernong Obama ang mas madiing pagsasakatuparan ng imperyalistang globalisasyon at militaristang

pagbabase ng US sa Pilipinas sa gitna ng krisis na kinakaharap ng United States. Maari pa ngang gamitin lamang ng imperyalismong US ang "progresibong" postura ni Barack Obama para mapagtakpan ang kalikasan ng krisis ng mapagsamantalang kapitalistang sistema.

9 Ano ang magiging tunguhin ng mga pampulitikang tunggalian ng bansa sa harap ng matinding krisis sa kabuhayan ng mamamayan?

Hitik sa pampulitikang komprontasyon ang 2009. Ang hangal na paghahangad ni pangulong Arroyo ng walang hanggang kapangyarihang pampulitika ay lalo pang nagpapaypay sa pagningas ng pampulitikang tunggalian ng iba't ibang pwersang pampulitika .

Kasabay sa makinasyon at mga maniobra para makapanatili sa poder, magpapatuloy ang panawagan para patalsikin si Arroyo sa poder. Lalo pang tatampok ang pagkahiwalay ng gubyernong Arroyo sa mamamayan sa pagbagsak ng ekonomya at ibayong paghihirap ng mamamayan. Nalalantad sa mamamayan ang mapanlinlang na paglago sa ekonomya at ang pagkawasak ng lokal na ekonomya dahil sa mga patakarang liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ng gubyernong Arroyo. Sisigabo ang protesta at mga pagkilos ng mamamayan bilang protesta sa mga anti-mamamayang patakaran ng pinapatalsik na gubyernong Arroyo.

Nananatiling pinakamalawak at pinakatuloytuloy ang pagkilos ng mga progresibo at militanteng grupo at organisasyong masa. Sa kabila ng panunupil at sistematikong kampanya ng gubyernong Arroyo para takutin at maghasik ng lagim, nagpunyagi ang mga militanteng grupo na mag-organisa at maglunsad ng mga pagkilos para ilantad ang mga anti-mamamayan at anti-demokratikong patakaran ng papet na gubyernong Arroyo. Sa iba't ibang isyu, matagumpay na nailinaw ng mga progresibong grupo na ang gubyernong Arroyo ay instrumento ng paghahari at sabwatan ng imperyalismong US at ng mga kumprador burgesya at panginoong maylupa. Higit na nakakaraming mamamayan ang nakakasapol na imperyalismo, burukrata kapitalismo at pyudalismo na batayang problema ng lipunang Pilipino at tanging sa kolektibong pagkilos ng mamamayan mawawakasan ang mga suliraning ito.

Matunog ang mga naging protesta at pagkilos ng militanteng kilusang masa noong nakaraang taon. Malikhain at sa iba't ibang antas at anyo ay naiguhit sa pambansang debate at maging sa buong daigdig ang pagtutol sa imperyalistang globalisasyon at pagtatakwil ng mamamayan sa gubyernong Arroyo. Bukod sa

mga rali at demonstrasyon ng paninindigan, nagdaos din ng mga pagtitipon, forum, diskusyon at iba pang tipo ng edukasyon sa mamamayan upang ilantad ang kabalintunaan ng “paglago” ng ekonomya at ang patuloy na pagkawasak ng malapyudal na ekonomya bunga ng mga patakaran sa “globalisasyon”.

Ang pakanang chacha at ang pangkalahatang maniobra ng gubyerno para makapanatili sa poder ay tiyak na sasalubungin ng protesta at pagkilos ng mamamayan na maghahanap ng daluyan para ihayag ang kanilang galit sa kahirapang iniresulta ng mga patakarang pang-ekonomya ng gubyerno. Mabubuo din ang pinakamalawak na alyansa ng mga pwersang kontra-Arroyo na makakahanap ng isyung panlahat na magbubuklod sa iba’t ibang pwersa mula sa mga oposisyonistang pulitiko, simbahan, edukador at mga militanteng grupo ng mamamayan. Lalo pang mabubuklod ang pagkakaisang ito kapag nagtangka si Arroyo na mag-emergency rule.

Pero karamihan sa mga oposisyong pulitiko ay nasa moda na ng paghahanda para sa eleksyong 2010. Ngayon pa lang, nagsisimula na ang hanayan ng mga makinarya para sa eleksyon. Gayunman, watak-watak at dahil sa mga pansariling ambisyong pulitikal, hindi nabubuo ng mga oposisyonistang pulitiko ang makinaryang posibleng tumapat sa epektibo at makapangyarihang makinarya ng paksyong Arroyo.

Kung tutuusin, ang pinakaepektibong kampanya para sa mga pulitiko ay ang paglahok sa mga pagkilos ng mamamayan at ang tuwirang paninindigan laban sa gubyernong Arroyo. Yun nga lang, wala pang pulitiko na makatotohanang nagsulong ng isyu at interes ng batayang masa. Sabihin pa, dinadaan pa rin ng mga pulitiko ang pangangampanya sa papogi at mga gimik.

Bagamat may mga deklarado nang kakandidato sa 2010, nanatiling tentatibo ang hanayan. Pero nagsisimula na rin ang pagbubuo ng mga makinarya at pagwasak din sa kandidatura ng posibleng magkakalaban ngayon pa lang. Bantay sarado din ang mga oposisyonistang pulitiko sa maniobrang chacha o emergency rule para mapigilan ang anumang term extension ng administrasyong Arroyo habang nagpapakiramdaman sa isa’t isa.

Kaya naman, kahit na patuloy na bumabagsak ang popularity at confidence rating (pinakamababa sa kasaysayan), nanatiling konsolidado at malakas ang kampong Arroyo bunga na rin sa isang banda nang kawalan ng popular at malinaw na alternatiba mula sa mga oposisyon. Ang hanayan ng makinarya sa 2010 ay posibleng magkahugis sa ikalawang bahagi ng taon kapag naging malinaw na ang pagkakaroon ng eleksyon sa 2010. Gayunman, patuloy na maglalantad ng mga usapin ang bawat kampo para makakuha ng publisidad habang nawawasak ang mga potensyal na kalaban sa 2010. Mabubuko pa ang

mga isyu ng korupsyon na ibayo pang magpapagalit sa mamamayan, magpapatindi sa pampulitikang ingay at higit pang maglalantad sa kabulukan ng sistemang pampulitika ng lipunang malakolonyal at malapyudal.

Ibayong lalapad ang pwersang kontra-Arroyo. Bukod sa masiglang pagkilos ng militanteng kilusang masa at maingay na papansin ng mga pulitiko, hindi pa rin mababalewala ang kilos ng mga rebeldeng sundalo na nanatiling buo at hindi sumusuko ang mga nakakulong na lider. Kahit maliit na grupo ang mga obispong kontra-Arroyo, malawak ang impluwensya nito sa hanay ng mga taong simbahan na posibleng magtuloytuloy para makonsolida ang simbahan sa pagpapatalsik kay Arroyo.

Tuloy pa rin ang militaristang solusyon ng gubyernong Arroyo sa armadong rebelyon bilang bahagi ng pagnanais nitong manatili sa poder at makuha ang patuloy na suporta ng US. Lalo pang lumabo ang pag-asa sa usapang pangkapayapaan sa CPP-NPA at maging sa MILF dahil sa kondisyong pagpapasuko sa mga rebolusyonaryong grupo nang hindi nalulutas ang mismong mga dahilan kung bakit nagkaroon ng rebelyon. Lalo pang lalagablab ang armadong labanan sa kanayunan at katunayan ay naging sunod-sunod ang mga taktikal na opensibang militar ng NPA at MILF sa nakaraang taon. Noong Disyembre, ipinahayag sa ika-40 taong anibersaryo ng Communist Party of the Philippines ang paglawak na rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan nito. Ayon sa mga pagtataya, ang rebolusyonaryong CPP-NPA ay kumikilos sa 70 probinsya ng bansa at maituturing na pinakamalaking rebolusyonaryong grupo sa kasaysayan ng bansa.

Sa unang hati ng taon, gagawin ni Arroyo ang lahat para matuloy ang chacha at ang malaking posibilidad ng pagbaling sa emergency rule bilang moda ng paghahari. Ngunit kapag nabigo ito, magiging mahirap nang makamaniobra ang gubyernong Arroyo sa susunod na taon maliban na lamang kung suportahan ito ng imperyalismong US.

Sa lahat ng kaganapang ito, magiging mahalaga ang militansya at kolektibong pagkilos ng mamamayan. Tiyak na magiging matalas ang tunggalian ng mga pwersang ngayong taon. Sa kagyat, mahalagang maihanda ang mamamayan para labanan ang anumang pagtatangka ng gubyernong Arroyo na makapanatili sa poder. Kailangan ding isulong ang mga pang-ekonomyang kahilingan ng mamamayan laluna ang mga pakikibaka sa sahod, tirahan at repormang agraryo – mga usaping nangangahulugan ng buhay at kamatayan para sa masang anakpawis.

10 Ano ang mga kagyat na paraan para makatawid ang mamamayan sa krisis na dinaranas ngayon ng bansa? Ano ang pangmatagalan at mapagpasyang solusyon sa pang-ekonomyang suliranin ng mamamayan at ng bansa?

Nakatuntong ang kilusang talsik sa mga pang-ekonomyang kahilingan ng mamamayan. Kailangan ipaglaban ng mamamayan ang mga kagyat na solusyon para magkaroon ng agarang kaginhawaan sa napakatinding krisis sa kabuhayan mula pa noong nakaraang mga taon.

Ang tutuo'y may paraan at nasa kakayahan ng gubyernong Arroyo na magpatupad ng ilang hakbangin para maibsan ang matinding paghihikahos ng nakararaming mamamayan. Pero imbes na gawin ito, dinadaan sa mga gimik at mga programang pakitang-tao lamang na kunwa'y may ginagawa ang gubyerno para proteksyonan ang mamamayan sa krisis pang-ekonomya na ipinapasa ng mga kapitalistang bansa. Patunay lamang ito sa pagpapabaya ng gubyerno sa mamamayan habang isinusulong ang interes ng imperyalismo at lokal na naghaharing uri para makuha ang pampulitikang suporta.

Walang nalalabi sa mamamayan kundi ang ipaglaban ang kanilang karapatan at kagalingan. Para mabuhay at makapanatili sa krisis pang-ekonomya, walang mapagpilian kundi samasamang makibaka. Sa kagyat, dapat igiit ng mamamayan ang pagpapalaki ng badyet at gastusin ng gubyerno sa kalusugan, edukasyon, tirahan kahit man lang sa antas noong 1997. Dapat itulak ng mamamayan ang gubyerno na mas pagtuunan ang mga proyektong pang-imprastraktura na labor intensive o yaong mangangailangan ng maraming manggagawa tulad ng mga maliliit na irrigation systems, farm-to-market roads at mga pasilidad para sa agrikultura. Sa gayon, lumilikha ito ng trabaho habang sinusuportahan ang produksyon sa agrikultura at pagkain.

Magagamit na kagyat na kapital para dito ang mga rekursong nakalaan sa pagbabayad ng mga utang panlabas na dapat ihinto at maaari ngang ikonsiderang ikansela na ang pagbabayad lalo na sa mga utang na napatunayang hindi napakinabangan ng taumbayan at may bahid ng korupsyon mula sa nagpautang. Malaki din ang mapapasulpot na pinansya mula sa seryosong pag-ampat sa korupsyon, pagpapahinto ng liberalisasyon at pagbabawas sa gastos sa mapaminsalang gera at militarisasyon.

Agad namang bababa ang presyo ng mga bilihin kapag inalis ng gubyerno ang value added tax (VAT) sa mga produktong petrolyo at sa halip ay bawiin ito sa pagtatakda ng buwis sa mga imported at produktong luho. Makakahinga kahit paano mula sa matinding pagkalunod sa paghihikahos ang mamamayan kung

magkakaroon ng kakayahang bumili ang mga manggagawa at mga nagtatrabaho. Ito ay kapag napatupad ang P125 across the board nationwide wage increase at ang katumbas na P3,000 pagtaas sa sahod ng mga kawani ng gubyerno.

Subalit hindi uubrang pira-pirasong ang pagharap sa pang-ekonomyang krisis ng bansa. Kailangan ugatin ang krisis na ito sa pundamental na istruktura ng ekonomya. Kailangan kilalaning ang krisis ay pangunahing iniluluwal ng katangiang agraryo, atrasado, walang saligang industriya, export-import na ekonomyang nakaasa sa dayuhang pamumuhunan at pautang at mga salik sa produksyon na galing sa labas. Hindi umuunlad ang lokal na industriya dahil sadya itong binabansot ng sabwatan ng imperyalismo at kumprador-asindero na tanging nakikinabang sa ganitong kaayusan at may kontrol sa gubyerno.

Ito ang dahilan kung bakit hindi maipatupad ang mga susing solusyon sa krisis pang-ekonomya ng bansa. Hindi matatanggihan ninuman na ang tanging paraan para makaalpas tayo sa krisis ng ekonomya at hindi madaling mahawaan ng krisis ng ibang bansa ay kapag napalakas natin ang ating sariling lokal na ekonomya.

Mapapalakas lamang natin ang lokal na ekonomya kung mapapahusay at mapapasigla ang saligang pundasyon ng ekonomya -— ang sektor ng agrikultura at industriya. Mapapasigla ito sa pamamagitan ng tunay na repormang agraryo at ang kaakibat na programa ng pambansang industriyalisasyon. Kapag nangyari ito, magkakaroon ng kakayahan ang ekonomya ng bansa na makipagkalakalan at makipag-ugnayan sa dayuhang pamumuhunan batay sa kapwa kapakinabangan. Pero ang susi pa rin ay ang malaya at nagsasariling patakarang pang-ekonomya na nakabatay sa pagpapalakas at pagtatanggol sa lokal na ekonomya.

Sa ganitong paraan lamang unti-unting malulutas ang suliranin sa ekonomya. Lilikha ng trabaho, mapapataas ang produktibidad dahil sa kontrol sa sariling lupa, madadagdagan ang kita at kakayahang bumili ng nakararaming mamamayan, sisigla ang lokal na produksyon at kalakalan.

Subalit mangyayari lamang ito kung may kapasyahan ang gubyerno na pangunahan ang paglutas ng krisis para sa kapakanan ng nakararaming mamamayan. At ito ang napakahirap mangyari sa ilalim ng gubyerno na dominado ng mga kumprador burgesya, panginoong maylupa at mga ahente at kasosyo ng imperyalismo. Wala sa interes ng mga ito na baguhin ang kasalukuyang oryentasyon ng ekonomyang malapyudal.

Ang pang-ekonomyang pakikibaka ng mamamayan ay hindi maiiwasang maging pakibabaka para baguhin ang gubyerno at ang pampulitikang sistema. Pero ang solusyon ay hindi simpleng pagpapalit ng mga upisyal sa gubyerno. Ito

ang itinuturo ng mahabang karanasan ng pakikibaka ng mamamayan laluna sa huling dalawang pag-aalsang naipagtagumpay subalit naagaw muli ng mga naghaharing uri.

Kahit ang mga lider ng simbahan ay kumikilala at nanawagan sa radikal na pagbabago . Pagkilala ito na hindi na sapat ang mga eleksyon lamang para magkaroon ng makabuluhang pagbabago sa gubyerno at sa lipunan.

Gayunman, mahalagang pagkakataon ang eleksyon para mapalaganap ang pangangailangan para sa radikal na pagbabago at pagtatayo ng gubyerno ng mamamayan. Mainam na gawing pagkakataon ang eleksyon para ipakita ang limitasyon ng eleksyon at hindi para bigyan ng ilusyon ang mamamayan dito. Sa halip, magiging mainam na daluyan ang eleksyon upang maihapag sa mamamayan ang mas makabuluhang mga programa para maibsan ang krisis sa ekonomya at ng lipunan. Mapipwersa ding manindigan ang mga pulitiko sa mga isyu ng mamamayan at agad na maihihiwalay ang mga nagpapanggap at mga sagadsaring kandidato ng imperyalismo at naghaharing uri. Magiging panukat ang mga isyu ng mamamayan para makilatis ang mga sinserong kandidato at mapatampok ang mga isyu.

May eleksyon man o wala, ang susi pa rin ay ang militante at kolektibong pagkilos ng mamamayan. Kailangan makibaka para mabuhay. Pero higit sa lahat, kailangan pigilang makapanatili ang isang gubyernong pahirap sa mamamayan at kapit-tuko sa kapangyarihan. Ngayopng 2009, araw-araw pa ring hahangarin at pagpupunyagian ng mamamayan na patalsikin ang gubyernong ito.